



Tagapagrehistro-Tagapagtala/Klerk ng County ng County ng Los Angeles

DEAN C. LOGAN

Tagapagrehistro-Tagapagtala/  
Klerk ng County

## PAHAYAG NG DI-PIRMADONG BALOTA

Basahing mabuti ang mga tagubilin bago kumpletuhin ang pahayag.  
Ang iyong balota ay maaaring hindi mabilang kung hindi mo susundin ang mga tagubiling ito.

Mahal na Botante,

Natanggap ng aming opisina ang iyong balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo na di-pirmado. Ang iyong pirma na nagpapatunay ng iyong pagiging karapat-dapat ay iniaatas ng batas. Upang maibilang ang iyong balota, mangyaring kumpletuhin, pirmahan at ibalik itong Pahayag ng Di-pirmadong Balota.

Ako, \_\_\_\_\_, ay isang nakarehistrong botante ng County ng \_\_\_\_\_  
(Ilimbag ang Iyong Pangalan)

Los Angeles, Estado ng California. Ako ay nagpapahayag sa ilalim ng parusa sa pagbibigay ng hindi totoong pahayag na ako ay humiling at nagbalik ng isang balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo at ako ay hindi pa nakaboto at hindi boboto ng higit sa isang balota sa halalang ito. Ako ay isang residente ng presinto kung saan ako bumoto, at ako ang tao na ang pangalan ay lumilitaw sa sobre ng balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo. Naiintindihan ko na kung ako ay gagawa o magtatangka ng anumang pandaraya na may kaugnayan sa pagboto, o kung ako ay tutulong o magkukunsinti sa pandaraya o pagtatangkang tumulong o kumunsinti sa pandaraya na may kaugnayan sa pagboto, ako ay maaaring mahatulan ng isang peloni na maparusahan ng pagkabilanggo ng 16 na buwan o dalawa o tatlong taon. Naiintindihan ko na ang aking kabiguang pumirma sa pahayag na ito ay nangangahulugang ang aking balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo ay pawawalang-bisa.

(Pinirmahan) **X** \_\_\_\_\_

Pirma ng Botante (ang kapangyarihan ng abugado ay hindi matatanggap)

Kung ang botante ay hindi kayang pumirma, siya ay maaaring magmarka na may isang taong testigo.  
(Testigo) \_\_\_\_\_

Pinetsahan sa \_\_\_\_\_ araw na ito ng \_\_\_\_\_, 2021.

Direksiyon ng tirahan ng botante: \_\_\_\_\_

Sa sandaling makumpleto, mangyaring gamitin ang isa sa mga opsyon na nakalista sa ibaba upang ibalik ang pormang ito sa Tagapagrehistro-Tagapagtala/Klerk ng County (RR/CC) 12400 Imperial Highway, Norwalk, CA 90650. Ang pirma sa pormang ito ay idaragdag sa inyong kasalukuyang rekord ng rehistrasyon ng botante para sa darating na mga halalan. Kung mayroon kang mga katanungan, mangyaring tawagan kami sa (800) 815-2666, opsyon 2.



**Ibalik sa Sentro  
ng Pagboto/  
Kahong Hulugan**

Maaari mong ihulog ang iyong Pahayag ng Di-pirmadong Balota bago ang ika-8 ng gabi sa Araw ng Halalan, ika-20 ng Hulyo, 2021 sa alinmang sentro ng pagboto sa County ng Los Angeles o gumamit ng isang nakatalagang kahong hulugan ng balota bago ang ika-8 ng gabi sa ika-20 ng Hulyo, 2021.



**Ibalik nang  
personal**

Maaari kang pumunta sa **RR/CC** upang ibalik ang Pahayag ng Di-pirmadong Balota bago ang ika-5 ng hapon sa ika-31 ng Hulyo, 2021.



**Ibalik sa  
pamamagitan  
ng Koreo**

Ang Pahayag ng Di-pirmadong Balota ay maaaring ipakoreo sa kalakip na sobre at dapat matanggap ng **RR/CC** bago ang ika-5 ng hapon sa ika-31 ng Hulyo, 2021.



**Ibalik sa  
pamamagitan  
ng fax/email**

Maaari mong i-fax ang iyong Pahayag ng Di-pirmadong Balota sa Seksyon ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo sa (877) 614-1127 o (562) 232-7924 o mag email sa [votebyemail@rrcc.lacounty.gov](mailto:votebyemail@rrcc.lacounty.gov) bago ang ika-5 ng hapon sa ika-31 ng Hulyo, 2021.